

1

“Ano? Bakit ngayon mo lang sinabi?” Naiiyak sa sobrang pag-aalala ang beinte-seis na si Nathalie Padua habang kausap sa naka-roaming na cell phone ang kanyang kapatid na si Nori.

“Ayaw kasing ipasabi nina Mama sa ’yo dahil baka mag-aalala ka daw. Kaso kailangan na talagang dalhin sa ospital si Papa. Nanghihina na siya at ang laki ng ibinagsak ng katawan niya, Ate,” tugon nito.

“May naipon pa naman ako dito, Nori. Ipapadala ko sa inyo kaagad pagkatapos ng trabaho ko sa hotel. Basta dalhin n’yo na si Papa sa ospital!” Napakagat-labi siya habang umiiyak.

Tatlong taon na siyang nagtatrabaho sa isang hotel sa British Columbia, Canada. May-asawa na ang kanilang bunsong kapatid na lalaki na si Nolan. Kaya ang kanyang kapatid na dalagang si Nori ang naiwan sa bahay nila kasama ang mga magulang nila na sina Nestor at Nilda, at nasa Pilipinas ang mga ito.

Hindi nga siya umuwi ng bakasyon niya dapat nang dahil sa nagtitipid siya at nag-iipon para sa isang negosyong itatayo niya kapag uuwi sa Pilipinas para

mabigyang ginhawa ang kanyang pamilya. Iyon ang unang option niya na pinakamadaling makasamang muli ang mga ito.

Subalit ang pangalawa ay ang dalhin ang kanyang buong pamilya para i-petition ang mga ito kapag nagkaroon na siya ng pera. Kaya lang ay mahabang proseso ito. Naisip niyang ang mas mabuting paraan ay ang makapag-ipon na lang siya at umuwi ng Pilipinas.

Inilagay niya sa bulsa ng uniporme ang cell phone. Kahit bawal iyon sa trabaho ay sekreto niyang ginagawa dahil gusto niyang agad siyang makokontak ng kapamilya kung saka-sakali mang may emergency calls katulad ng ganito.

Napasandal si Nathalie sa dingding ng hallway habang tumutulo ang kanyang luha. Nasa harap naman niya ang housekeeping trolley. Narinig pa niya ang tunog ng elevator na nasa harap niya. Agad niyang hinawakan ang handle ng trolley para hindi makaharang sa mga taong lalabas ng elevator habang pinunasan niya ang kanyang pisngi.

Mula roon ay lumabas ang ilang kalalakihan na naka-Muslim attire at napayuko siyang tumabi. Naramdaman niya ang pagtingin ng mga ito sa kanya kaya napaangat siya ng tingin.

Sumalubong naman sa kanyang paningin ang isang napakaguwapong mukha na may hindi kakapalang bigote. He wore a black bisht over a white thobe and a red-white ghutra with black egal on his head. Maganda ang mga mata nito at ang mga labi ay kasing-pula ng cherry.

Naramdaman niya ang biglang paglundag ng kanyang puso nang dahil sa nakitang mukhang iyon. Hindi niya maintindihan kung bakit. Agad siyang napababa ng tingin at tumalikod. Itinulak niya ang trolley sa kabilang direksyon.

Napuna ng treinta años na si Sheikh Ashraf bin Atif Al-Saud ang hotel maid. Nakita niya rin ang pagpunas ng luha nito habang itinutulak ang trolley. Saktong nagtama ang mga mata nila at agad naman itong nag-iwas ng mukha.

Subalit nakarehistro na sa kanyang isipan ang maganda at maamo nitong mukha. Hindi maganda ang babae sa standards niya, pero may appeal ito sa kanya. Siguro ay dahil sa misteryosang maitim na mga mata nito, simpleng makeup at naka-ponytail na maitim na buhok. Hindi rin ito katangkarang babae. She was petite but with the ripe curves. Nakita niya iyon kahit sa suot nitong uniporme.

“Nandito na tayo sa suite n’yo, Sheikh Ashraf,” sabi ng kasama niyang head bodyguard na si Jamal sa kanilang lengguwahe.

Binuksan ng isa pa niyang bodyguard na si Adnan ang pinto. Naunang pumasok si Jamal at sumunod ang kanyang pinsang si Khalil. Pumasok din siya at ang head bodyguard, kasunod ang dalawang roomboys na siyang may dala ng kanilang mga bagahe. Ipinaayos na niya ang lahat bago binigyan ng tip ang mga ito at pinaalis.

“I guess I’ll have to take a nap before going out tonight, Ashraf,” sabi ng kanyang nakangising pinsan. Agad itong humiga sa kama sa isa sa dalawang malalaking kuwarto ng suite.

Napasunod lang siya ng tingin kay Khalil pagkatapos ay napasulyap siya sa dalawang bodyguards na napatingin din sa kanya.

“It’s his birthday in two days so I guess I can’t say no to anything just yet,” aniya sa mga ito at umupo sa isang mahabang brown leather sofa.

Nagtungo sa mini-bar si Jamal para kumuha ng maiinom para sa kanya. Tinanggap niya ang brandy at isinandal ang ulo. Bahagya pa siyang napapikit at di-sinasadyang napadako ang isipan niya sa hotel

maid na nakasalubong sa labas ng elevator kani-kanina lang.

Napabuntong-hininga pa siyang ipinatong ang mga paa sa salaming center table. Umupo rin ang mga bodyguards niya sa katapat na mahaba ring sofa.

Nandito sa British Columbia si Ashraf para sa isang official business. Siya ang ginawang representative ng kanyang ama para sa isang youth charity event. Kapamilya nila ang ruler ng Dubai kaya may ilang obligasyon din doon ang kanyang ama. At heto siya ngayon para gawin din iyon para rito. Obligasyon niya bilang anak nito.

Isinama niya si Khalil para magpalamig nang kaunti rito sa Canada. Ito ay pagkatapos ng ginawa nitong gulo sa isang official event sa kanilang bansa dahil nalasing ito at nang-harass ng isang bisita na foreigner.

“O, bakit ganyan ang hitsura mo, Li-Li?” puna ng kanyang roommate na si Alexa pagdating niya sa apartment. Sexy ito sa suot nitong pekpek shorts at maliit na sando. Hindi pa ito naka-bra. Messy hair pa ito na tinatalian ngayon.

Naupo sa sofa si Nathalie at napatingin din sa

kanya ang isa pa nilang roommate na si Lydia, isang nurse. Nagbabasa ito ngayon ng isang medical book.

Simula nang magkakilala sila sa isang simbahan ay nagka-vibes sila at nagkasundong mag-share ng apartment para makatipid. It was about two years ago.

“Oo nga. Bakit, may nangyari ba sa trabaho mo?” nag-alalang tanong tuloy ni Lydia sa kanya.

Umiling siya at sinapo ang kanyang ulo. “Hindi naman. Mukhang mababawasan ulit kasi ang ipon ko. Ipapaospital kasi nina Mama at Nori si Papa. Ilang araw na kasing hindi makatulog, nanghihina, parang nasa yungib na daw ’yong boses na namamaos, ’tapos...” Napaiyak na siya. “Pumayat daw siya at lumalim pa ang mga mata. Nag-aalala ako kung ano ang sakit niya.”

Umupo rin si Alexa at pinagitnaan siya ng mga ito. Hinawakan ni Lydia ang kanyang kamay samantalang hinagod ni Alexa ang likod niya para aluin.

“Malalaman din natin ’yan kapag may lab results na siya doon sa ospital,” sabi ni Lydia. “Huwag ka namang mag-isip agad nang masama.”

“Kung payag ka,” ani Alexa, “p’wede akong

makatulong.”

Napatingin sila ni Lydia rito. “Pahihiramin mo siya?” anang nurse na kaibigan.

“Kung kailangan pa niya ng pera. Pero kung hindi naman, may sideline akong irerekomenda.” Ngumiti ito pagkatapos.

“May alam ka para maka-extra naman ako?” napakurap-kurap niyang tanong. Gamit ang likod ng kanyang kamay ay pinunasan niya ang mga pisngi.

“Alam n’yo ang sideline ko, di ba?” Bukod sa isang nanny ito nang ilang oras sa araw ay nagtatrabaho rin ito sa gabi bilang dancer sa isang night club. “Kailangan ng singer at striptease dancer ngayon dahil nagkasakit ’yong regular dancer namin. At ’yong singer naman ay nagkaroon ng issue sa banda nila kaya humingi muna ng leave.”

Napababa ng tingin si Nathalie, hindi nakaimik.

“Maganda ang boses mo, Li-Li, kaya patusin mo na!” himok pa ni Lydia.

“H-hindi ko alam kung kaya ko ba. Pang-videoke lang yata ang boses ko, ’no!”

“Eh, mas magaling ka namang sumayaw. Bakit hindi iyon na lang? Mas malaki ang kita ng striptease

dancer kaysa sa singer sa night club namin,” ani Alexa.

“Huh? Nahihiya na nga akong kumanta, sumayaw pa kaya?”

Umismid ito. “Eh, ikaw. Basta gusto ko lang makatulong. Hindi natin alam kung magkano ang magiging bill ng papa mo sa ospital at kung hanggang kailan siya doon. Goodbye ipon ka na!”

Napasulyap siya kay Lydia na ngumiti sa kanya nang matamlay. Napaisip pa siya sa dapat niyang gagawin.

“Salamat, Alex. Pag-iisipan ko muna.”

“While you’re at it, mag-practice ka na rin,” nakangiting saad nitong tumayo. “I’m sure you need some more extra money.” Saka nagtungo na ito sa banyo.

Bago umalis papuntang trabaho si Alexa nang gabing iyon ay kinausap siya nito. Umupo ito sa tabi ng kama niya. Share sila ni Lydia sa higaan.

“Kung gusto mo, sumama ka sa ’kin ngayon at mag-observe. ’Tapos, pag-isipan mo na rin bukas habang nasa shift ka sa hotel.”

“Talaga? Okay lang ’yon?” inosenteng tanong ni Nathalie.

“Siyempre naman. At p’wede na rin kitang ipakilala sa manager namin doon. Mabait naman si Aaron.”

Bumangon siya. Napasulyap pa siya sa natutulog na si Lydia. Maingat siyang nagbihis at saka nag-iwan ng note kung sakaling magising ang kaibigan upang hindi na ito mag-aalala.

Sumakay sila ng bus at saka bumaba pagkatapos ng ilang stops. Naglakad sila nang kaunti bago dumating sa night club na pinagtatrabahuhan ni Alexa.

Pinaupo siya ng kaibigan sa isang sulok at pinabigyan ng ladies’ drink ng kasamahan nitong waiter. Matapos siyang magpasalamat ay iniwan na siya ng babae.

Maraming tao sa night club. May mga nagsasayaw sa dance floor at sa stage. Mamaya pa ang program sa gabing iyon.

Bumalik si Alexa na may kasamang matabang lalaki. Nakangiti sa kanya ang mga ito.

“Aaron, this is my friend, Nathalie. The one I just

told you about,” pakilala nito sa kanila.

Tumayo ang dalaga at inabot ang kamay ng manager para makipag-handshake. Binati niya ito.

“You don’t look so bad,” nakangising komento ni Aaron sa kanya. Pinasadahan pa siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Thank you. I’d like to see the show first if you don’t mind,” saad niya sa manager.

“Sure, no problem. But if you make up your mind, I want to see how you perform before I’ll accept you. That’s how it goes with this kind of business. I think you know that.” Kumindat pa ito sa kanya.

Tumango siya. Kailangan pa pala niyang mag-audition. Kaya nga sinabi ni Alexa sa kanya ay dapat na mag-practice na siya. Bigla tuloy nanunuyo ang lalamunan niya.

Iniwang na siya ng mga ito pagkatapos. Siya naman ay naiwang mag-isa sa isang sulok na table. Kahit paano ay nag-enjoy rin siya sa programa habang iniinom ang ladies’ drink.

Pumasok sa isang night club ang magpingsang Muslim kasama ang dalawang bodyguards nila.

Kasalukuyang nakasuot sila ng pangkaraniwang casual wear. Naka-jeans and polo shirt silang apat. Pero dahil sa kanilang Muslim look na agad na madi-distinguish ng mga puti ay hindi maiiwasang makakuha sila ng atensyon at mapatitig ang mga ito sa kanila.

The men looked at them with haughty eyes. However, the women seemed interested. Medyo magulo sa club na iyon at ang daming tao. Pero nakakuha si Jamal ng isang puwesto para sa kanila na malapit sa isang sulok.

Pinag-order na ni Ashraf si Adnan habang napatingin silang magpinsan sa paligid ng club. Tumigil ang musika at isang baklang emcee ang lumabas. Mukha itong babae dahil sa suot nito ngayon. Napatingin naman dito nang may pagkainteresado at pagkatuwa ang kanyang pinsan.

“Good evening, ladies and gentlemen. Welcome and hope you’ll enjoy our tonight’s show!” Maikli lang ang sinabi nito at saka tinawag na nito ang isang performer.

Dumating ang drinks ng magpinsan samantalang pagkain at tubig ang para sa mga bodyguards nila. Iniinom ni Ashraf ang kanyang paboritong cosmopolitan cocktail drink. Isang boteng gin naman

ang kay Khalil.

Nag-umpisa na ang pagsasayaw ng mga babaeng dancers kasama ang ilang bakla.

“Can you believe this, Ashraf? They look like women!” pasigaw na sabi ng pinsan niya sa kanyang tainga.

Napaismid lang siya nang bahagya at napatingin sa ibang mga tao sa loob ng club. Sa totoo lang ay hindi niya masyadong gusto ang mga ganitong klaseng lugar. Siya ang tipong mas conservative kumpara sa pinsan na gusto ang ganitong mga activities sa gabi lalo na’t nasa western country sila at mas may kalayaan dito. Napilitan lang siya dahil may responsibilidad siyang samahan ito upang huwag magkaroon ng gulo kung saan ito napupunta.

Pagkatapos ng performance na iyon ay hindi niya agad napuna ang babaeng lumabas sa entablado. Nang magsimula lang itong kumanta ay saka ito umagaw ng kanyang atensyon. At parang tumigil ang oras nang mamukhaan niya ito.

2

Kailangan mo ng pera kaya kakayanin mo 'to, Li-Li. Magagawa mo 'to, pep talk ni Nathalie sa kanyang sarili. Hindi na niya hinintay ang performance ng iba. Naisip niyang mag-audition na lang. The sooner, the better. Para malaman niya kung para nga ba sa kanya ang trabahong ito.

Natuwa naman si Aaron sa desisyon niya. Bakit hindi? Libre iyon sa gabing ito para sa club. At dahil sa inirekomenda siya ni Alexa ay naniniwala itong magiging successful ang performance niya.

Kaya pinabihis na siya ni Aaron ng isa sa mga seksing evening gown sa dressing room. Tinulungan pa siya ni Alexa na mamili. Isang pulang velvet gown na may kumikinang na beads at may high slit mula hita hanggang talampakan ang suot niya. Low-cut din ang neckline niyon. Simple lang ang makeup ni Nathalie kaya makaagaw-atensyon na mga hikaw naman ang ipinares ni Alexa para sa kanyang damit.

Love Me Like You Do ang napili niyang kanta para sa kanyang audition. Simula pa lang ay nagkaroon na ng hiyawan sa mga manonood. Kahit paano ay na-encourage niyang ibigay ang lahat ng kanyang

kaya para sa kantang iyon.

Siguro ay tama lang ang pinili niyang kanta. *Fifty Shades of Grey* soundtrack kaya iyon at malamang alam ng lahat ang kantang iyon.

Malalakas ang palakpakan at sipulan nang matapos ang kanyang performance. Pag-exit niya ng entablado ay nakangisi nang malapad si Aaron na naghihintay sa kanya. Sumalubong na rin sa kanya si Alexa at niyakap siya bilang pagbati sa magandang performance na ginawa niya.

“Wow! Honestly, these guys don’t like the idea of halting the dance performance. But for you, I had to do it!”

“So... am I in?” tanong niyang umaasa.

“Of course, you got the job!” nakangising turan ni Aaron sa kanya na tinapik pa siya nang bahagya sa balikat.

“Oh, thank you! Thank you, Aaron! I promise to do my best! Really!” pangako pa niya.

Ngumiti sa kanya ang manager. “By the way, you already have an ardent admirer.” Tinapik siya nitong muli at saka tumalikod na ito.

Napatili pa si Alexa at niyakap siya. “May admirer

ka na daw agad? Ano pa kaya kung marami ka pang kinanta?”

Napangiti si Nathalie sa kaibigan. “Salamat, Alex, ha? At least, may pag-asa na ako ngayon maliban sa kita ko sa hotel.”

“Pero mas maganda sana kapag iyong isang inalok ko sa ’yo ang pinili mo,” ngising sabi nito.

“Todo nga ang kaba ko kanina, eh. Kanta nga lang ’yon. Ano na kaya kung sayaw pa? Mas kailangan pa iyong paghandaan. Pero sa tingin ko, marami naman kayong magagaling na dancers dito. Nand’yan ka rin. Kaya hindi ko na aagawin ang korona mo,” napatawang wika niya.

“Ang considerate mo!” natatawang tugon nito na inakbayan siya upang bumalik sa dressing room.

Parang nahipnotismo si Ashraf sa kumakantang babae. Ang ganda pala ng boses nito! Ilang beses na rin niyang narinig ang kantang iyon at alam niya ang tungkol sa movie niyon. Pero hindi niya napanood. But enough to know what it was about.

Naalala pa niyang mukhang iba ang awra nito ngayon kumpara sa hitsura nito sa hotel noong una

niya itong nakita. Tinawag niya ang isang waiter at ipinakiusap ang manager. Lumapit sa kanilang grupo ang isang lalaki ilang minuto habang nagpe-perform ang babae.

“Is there anything I can help you with, Sir?” tanong ng matabang manager na dumukwang palapit sa kanya para marinig niya ito.

“He wants to know her name for starters,” singit pa ni Khalil dito nang nakangisi bago pa man siya makasagot.

Nahigit ni Ashraf ang hangin dahil doon. Inunahan pa siya nito. Napatingin ang manager sa pinsan niya at bumaling ito sa kanya pagkatapos nang medyo naaasiwa. Siguro ay naisip nitong gusto niyang isama pauwi ang kumakanta. Sumagi man siguro sa isipan niya iyon, pero hindi iyon ang intensyon niya. At least, not now. Sinenyasan niya ang matabang lalaki at dumukwang itong muli para mas marinig ang kanyang sasabihin.

“You can tell her she has an admirer, but don’t go into details. So, what’s her name?”

Tumango ito, napangisi nang maluwang. “I see. I can do that, Sir. She’s Nathalie from what I know. I apologize I can’t say anything more. She’s new. In

fact, this is her audition tonight,” turan nito.

Ashraf was a bit taken aback by this information. Pero agad naman siyang nakabawi at napatango. Sinenyasan niya si Jamal at binigyan ng ilang bills ang manager. In turn, the latter gestured for the waiter to come near.

“Give these gentlemen some more drinks. On the house,” habilin nito bago nagpaalam.

“I didn’t know she’s your type, Ashraf,” parang nang-uuyam na sabi ng pinsan niya.

Inignora niya lang ito saka uminom ng pangalawa niyang cosmopolitan.

Sumunod ang isang strip dance ng isang Asian na babae. Halatang enjoy na enjoy si Khalil. Sinenyasan pa nito si Adnan para bigyan ng pera ang sumasayaw.

Napailing lang ang binata.

“So, magsisimula ka na mamayang gabi?” ani Lydia habang naghihikab pa si Nathalie na kagigising lang. Magkakaharap silang tatlo ngayon sa hapag.

Tumango siya sa kaibigan. Nakauniporme na ito para pumasok sa trabaho sa ospital. Papasok

na rin siya sa kanyang shift sa hotel makaraan ang ilang oras. Pero iidlip muna siya katulad ni Alexa na matutulog naman bago papasok sa isa pa nitong trabaho na magbabantay ng bata.

Nag-aalalang napatingin sa kanila si Lydia. “Basta kailangan n’yong makapagpahinga talaga, ha? Dala-dalawa ’yang trabaho n’yo at katawan ang puhunan.”

“Opo, ’Nay!” pabirong sabay na sabi nila ni Alexa.

Napairap ito sa kanila at uminom ng gatas. Pagkatapos ay nagpaalam na sa kanila.

Bumalik sila ni Alexa sa kuwarto para umidlip. Nagising pa siya nang tumawag si Nori.

“O, kumusta na si Papa?”

“May sinend ako sa ’yong pictures ni Papa sa ospital sa *FB*. Kawawa talaga siya,” malungkot na balita ng kapatid.

“Sige, titingnan ko mamaya. Nakuha mo na ang perang ipinadala ko sa *Western Union*?” Umupo siya saka sumandal sa headboard. Napalingon si Nathalie sa natutulog pa ring kaibigan. Naisip niyang lumabas ng kuwarto para hindi ito maistorbo. Marami pa siyang itatanong sa kapatid.

“Oo, Ate. Kung kukulangin, dadagdagan na lang daw ng mga pinsan natin. Bumisita sina Lola at Tiya kanina. Napaiyak pa ’yong dalawa dahil sa awa kay Papa. May type one diabetes daw siya, s’abi ng doktor. Naka-catheter siya ngayon. Kaya pala di siya makatulog dahil naapektuhan ang prostate niya sa taas ng blood sugar at pabalik-balik siya sa banyo. Akalain mo ba namang six hundred plus pala ang level ng sugar niya? Record-breaker daw si Papa sa mga pasyente niya, ayon pa sa doktor niya. Namemeligrong mabubulag daw.”

Napahikbi si Nathalie dahil sa narinig. “Bakit hindi mo kasi pinaospital kaagad?” sisi pa niya. “Paano kung... kung...” Mabigat na hininga ang pinakawalan niya dahil sa sama ng loob at pag-aalala.

“Ayaw nga kasi nila para hindi ka mag-alala. At saka gagastos lang daw sa doktor.”

“Yan pa rin naman ang kalalabasan, eh!” inis na tugon niyang pinahid ang luha. “Sige, i-update mo na lang ako. Kapag magkasuweldo na ako sa weekend, magpapadala na rin ulit ako ng pera diyan para sa mga gamot niya. Siguradong may maintenance meds siya ngayon.”

“Gan’on na nga. Halos twenty thousand na nga ang bill ngayon, eh, dahil sa mga tests at insulin na

itinurok sa kanya. Wala pang doctor's fee 'yon. Unang araw pa lang 'yan, Ate."

Napahugot siya ng hininga at napatingin sa kisame.

"Paano naman ang blood sugar ni Mama? Okay lang ba?" May hypertension ang kanilang ina. Isa pa itong problema niya.

"Mataas nga rin, eh. Nasa two hundred over one hundred daw. Kaya may gamot na rin siyang dapat na iinumina, sabi ng doktor."

Napakagat-labi si Nathalie sa narinig mula kay Nori. Napakurap-kurap din ng mga mata.

"Sige, basta alagaan mo silang mabuti, ha? Nori, ikaw lang talaga ang makakagawa niyan para sa atin. Nasa malayo ako at nasa ibang probinsya naman si Nolan."

"Nandito na si Nolan pati ang mga bata at asawa niya. Nag-aalala din sila. Kakausapin mo ba siya?"

"Sige."

Ibinigay ni Nori ang cell phone sa kanilang bunsong kapatid na lalaki.

"Ate, ako ang magbabantay kay Papa sa gabi para

makapagtrabaho naman si Ate Nori.”

“Eh, ikaw? Paano ang trabaho mo?” Isang truck driver si Nolan. Kahit nakapagtapos ito ng Computer Technology ay napunta ito sa trabahong iyon nang dahil sa isang kamag-anak na nagtatrabaho sa trucking service company na siyang nagpapasok dito.

“Nag-leave na ako, Ate. May bakasyon pa akong natira kaya with pay ang leave ko nang isang linggo.”

Napabuntong-hininga siya. “Salamat naman. Kumusta si Lisa?” tukoy niya sa asawa nito.

“Okay lang, Ate. At habang nandito ako sa ospital, nasa bahay natin siya kasama ang dalawang bata.” Kambal ang dalawang taong gulang na anak ng mga ito. Hindi pa niya nakikita nang personal ang mga pamangkin.

“Mabuti. At si Mama na ang magbabantay sa araw?”

“Oo, Ate. Si Ate Nori naman, pagkatapos na lang ng trabaho niya saka na lang bibisita at titingnan kung ano ang kailangan pa namin.”

Napatango ang dalaga. “Sige. Mag-Skype call na lang ako kapag nakalabas na si Papa. Pero balitaan n’yo pa rin ako, ha?” habilin niya.

Dahil sa may excuse na siya ay nagpaalam si Nathalie sa kanilang supervisor na dadalhin sa trabaho ang kanyang cell phone. Pumayag naman ito pero sinabing huwag abusuhin iyon at huwag ding ipaalam sa iba niyang kasamahan dahil baka sasabihing may favoritism.

Nagtungo siya sa isang suite para maglinis dahil sa request daw ng importanteng guest ng hotel. Kumatok siya sa pinto at isang malaking lalaki ang nagbukas niyon.

“Housekeeping,” sabi niyang itinulak ang trolley papasok. Isinara ng lalaki ang pinto saka umupo na sa sofa. Kinuha nito ang tasa sa mesa at uminom, marahil ay kape iyon.

Ang isa pang lalaki na nakaupo sa sofa ay tumigil sa pagbabasa ng diyaryo at napatingin sa kanya.

Papunta sana siya sa banyo nang mabilis siyang hinarangan ng mas matangkad na lalaki na bitbit pa rin ang diyaryo nito.

“Ah, someone is in there?” nasabi na lang niya.
“Sorry.”

Kinuha ng dalaga ang pampunas at nagsimulang

magpunas sa ilang furniture. Nag-check din siya ng mga bote ng inumin para maglagay ng stock. Ang basurahan naman ang binigyan niya ng pansin at pinalitan ang garbage bag niyon.

Nang matapos niyang malinis ang sala ng suite, nagsalita ang lalaking humarang sa kanya kanina.

“You can clean the bedroom first.”

“Okay.” Pumasok na siya sa kuwartong may nakabukas na pinto.

Nakamasid sa kanya ang lalaking tapos nang uminom ng kape. Inalis niya ang cover at bedsheets para palitan ang mga iyon, pati na ang pillowcases. Masinop ang kuwarto at walang kalat.

Kinuha niya ang fresh linens. Habang inaayos niya iyon ay pumasok naman ang isang lalaking nakatapis lang ng tuwalya. Bahagya pa siyang napamaang nang maalalang ito ang naka-eye-to-eye contact niya kahapon sa hallway pagkalabas ng mga ito ng elevator.

Biglang sumikdo ang puso ni Nathalie. Lalo na’t nakita niya ang matipuno nitong katawan.

My God! Hindi siya nakukulangan ng abs! Hindi niya akalaing mas napaka-yummy palang tingnan

ang Muslim na ito nang tuwalya lang ang saplot sa katawan. Hindi lang gorgeous ang mukha nito kundi ang kabuuan.

Hindi niya namalayang napanganga na pala siya at nakita niya ang medyo pag-angat ng labi nito sa gilid. Noon pa siya napakurap-kurap at napababa ng tingin. Binilisan niya ang pag-aayos ng bedsheet.

“I... I’m so sorry, Sir,” usal niya nang mahina. Isinunod niyang maglagay ng cover.

“You’ve nothing to be sorry about,” sabi nitong nagtungo nang pasimple sa built-in cabinet na magara ang disenyo. Pumipili ito ng maisusuot. His voice was deep and sexy.

Naglalagay na siya ng bagong pillowcases nang magsalita itong muli.

3

“We’ve met yesterday, haven’t we?” pasimpleng wika ni Ashraf sa hotel maid. Dahil sa salamin sa tapat niya ay hindi na niya ito nilingon pa habang ang kamay ay nakahawak sa isang naka-hanger na thobe. May meeting siya mamaya bago ang event sa sumunod na mga araw.

Nakita niyang hindi ito tumingin sa kanya habang nag-aayos. He was a bit amused by her. She was apparently hypnotized earlier when he came in and now she was conscious of him being in the same room. Nakita pa niya ang medyo pamumula ng mga pisngi nito. He wondered if this was her usual scenario with other guests in the hotel.

“Y-yes, Sir. At the elevator,” mahinang tugon nito.

Inalis na niya sa hanger ang thobe na hindi pa niya naisusuot at ang ipapares na bisht. Tinanggal na niya ang tuwalya upang isuot ang thobe. Nakita niyang tumalikod ang babae at napangiti siya sa sarili. Akala siguro nito ay wala siyang underwear sa ilalim ng tuwalya.

“E-excuse me,” sabi nito nang matapos na ito sa

ginagawa.

“Sure!” aniya nang maagap na nakatingin dito.

Sinundan ito ng tingin ng binata. Patungo na ito sa banyo para maglinis doon. Sinenyasan niya si Jamal.

“Tanungin mo kung sino ang supervisor niya. At kung sinuman iyon, sabihin mong ayoko ng ibang maids para maglinis dito maliban sa kanya at dapat na nandito siya kada umaga.”

Tumango ito. “Gagawin ko po, Sheikh Ashraf,” saad nito.

Isinuot na niya ang bisht, ang ghutra at ang egal. Napatingin siya sa salamin at napangiti sa sarili.

Si Adnan naman ay nag-order ng kanilang pagkain para sa brunch nila. Mamaya pa magigising si Khalil kaya ito na ang bahala sa kakainin nito.

Kumakain na sila nang matapos ang babae sa paglilinis sa banyo. Nagpaalam na ito nang tinawag niya ito.

Atubili pa itong humarap sa kanya. Sinenyasan niya si Adnan at kinuha nito ang isang pirasong platito na may cake at isang canned juice. Inilagay nito iyon malapit sa dulo ng mesa.

“Eat,” utos niya rito. Uminom siya ng canned juice habang tiningnan ang reaksiyon nito.

“Uh... I’m good. Thank you.” Napatingin ito sa kanilang tatlo.

Medyo napangiti pa si Adnan dito. Nakuha nito kung bakit nag-aalangan ito.

“There’s nothing in the cake and juice,” sabi nito sa hotel maid.

Sandaling napamaang ito at parang napahiya. “I... I didn’t...”

“It’s just a little compensation for your work here. The suite is too big for you to clean it up alone,” sansala pa ni Ashraf.

Nakita niyang napalunok ito. “W-well, we usually have our own assignments and... I happen to be assigned here,” anito.

Inilagay ni Jamal ang pera malapit sa canned juice. Napatingin pa ang babae rito.

“That’s your tip,” sabi ng lalaki.

“Uhm... I don’t think I understand. We usually have it after your stay. Besides, what you give me is too much.”

“But you deserve it. You did a good job. Besides, this is Canada. People here give tips to services, especially good ones such as yours,” sabi pa ni Ashraf.

“But—”

“Eat, drink and take the tip. If not, I’ll put in some nasty words to your supervisor,” pananakot pa niya rito.

Nakita niyang napakurap-kurap ito habang nakatingin sa kanya, pagkuwa’y napanguso.

“Fine. But please, I do really need this job. So...”

“I assure you, as Adnan said, there’s nothing else in your food if you’re afraid to eat it. Are you one of those typical people who think badly of Muslim people?”

Napasinghap ito at nanlaki ang mga mata. “Of course not!” mabilis nitong sabi.

Pinigilan ni Ashraf ang sarili niyang huwag mapatawa sa reaksyon nito. Kulang na lang ay maging violent reaction iyon. Nakatitig lang siya rito with an amused look in his eyes.

“So, what do you think of the Muslim people, in general?” Sumandal pa siya nang maayos sa pang-isahang upuan.

Kinuha na nito ang platito ng cake at nagsimulang kumain habang nakatayo pa rin. Sa stance nito ay parang tatakbo ito kung may gagawin silang hindi maganda rito.

Kumibit-balikat ito. “Well, as a Christian—I’m Catholic, by the way—we just have our own beliefs. I respect other people’s beliefs so I expect the others will also respect mine, although some might not. It just depends on people, really. It’s subjective.”

She seemed to blabber. Still, he loved to listen to her. Kumain ito ng cake at muling kumibit ng balikat bago nagpatuloy, “Muslims are... well, we have a lot of them in the Philippines, specifically in Mindanao. I’m from the Philippines.” Itinuro nito ang sarili. “Well... Muslims... like Catholics, there are bad ones and there are good ones. It doesn’t matter what the religion or the race is, people are still people.”

Napangiti nang kaunti ang binata, pero hindi nito iyon nakita dahil sumubo ito ulit ng cake.

“I see.”

Napakurap-kurap ito. “Can I... can I go now?” Tapos na pala itong kumain.

“Of course!”

“Thank you.” Ngumiti nang matipid sa kanya ang babae. Akma itong tatalikod nang magsalita siyang muli.

“Your name’s Nathalie, right?”

Napatingin ito sa suot na name tag. “Yes, Sir.”

“Nice to meet you, Nathalie.”

Tumango ito nang may matipid na ngiti pa rin at nagpaalam na. Pinagbuksan ni Adnan ng pinto ang hotel maid at isinara iyon nang makalabas na ito.

“She is quite a complex woman,” komento ni Jamal sa kanya.

Napangiti si Ashraf.

“You called for me?” bungad ni Nathalie kay Madeline na supervisor niya nang pumasok siya sa opisina nito.

“Yes. Our guest in suite 6043 specially mentioned that you do the housekeeping there every morning. He seems to be satisfied with your job,” anang Canadian supervisor. Isa itong blonde at nasa forties ang edad.

“Every morning? I thought it was only a special request today.” Napakunot-noo siya nang bahagya.

“Well, that’s another special request, Nathalie.”

Napalunok siya. Hindi sa ayaw na niyang makita ang guwapong guest na iyon kasama ang mga alalay nito. Kaya lang para kasing may kakaiba siyang nararamdaman para sa lalaki at hindi niya gusto iyon.

“U-until when are they going to stay again?” naitanong na lang niya.

“For a couple of weeks. You have to know that the guest there is a VIP.”

“I... I think he is,” sang-ayon pa niya habang napaisip sa suot ng lalaki. Bukod doon ay malaki ang tip na ibinigay nito sa kanya.

“Good! Now, off you go to your next assignment. Mrs. Sanders’ family just checked in.”

Napangiti si Nathalie sa balitang iyon. Regular guests ang pamilya Sanders kapag ganitong summer sa Canada. Taga-New York ito at parating bumibisita sa BC kapag bakasyon.

“And you know her. She wants you to check on her children whenever she has a date with her husband or something.”

Tumango siya. Ang cute pa naman ng kambal ni Mrs. Sanders. Mga lalaki ito katulad ng sa kapatid

niya. Apat na taong gulang na ang mga ito. Noong una niyang kita sa mga bata ay isang taon pa lang. At iyon ang unang summer niya sa hotel na ito.

“I’ll see to her needs, Madeline,” wika niya bago umalis.

Sinalubong siya ng mga kasamahang Pinay na sina Ana at Mila. Medyo payatot si Ana samantalang malaman naman si Mila.

“O, bakit ka ba pinatawag ni Madeline?” tanong ni Ana.

“Ah, gusto daw ng guest na araw-araw akong maglilinis doon sa suite 6043.”

Namangha ang dalawa. Napakunot-noo siya. Mukha kasing may inggit at tuwa sa mukha ng mga ito nang hindi niya maintindihan.

“Buti ka pa, naka-meet ka na ng sheikh!” sabi pa ni Mila.

Napamaang siya.

“At ang guwapo pa ng sheikh na ’yon!” dagdag ni Ana.

“Ha?” manghang turan niya. “Talaga? Sheikh ang guwa... a-ang guest na ’yon?”

Sabay na tumango ang mga ito. Kinalabit pa siya ni Ana.

“Ano? Nakita mo na bang... hubad ’yong sheikh? Hindi ba siya maamoy?” Napabungisngis pa ito.

Bigla siyang pinamulahan. Naalala niya tuloy na tuwalya lang ang suot ng lalaki kanina pagkaligo. Umiling siyang nandilat ang mga mata.

“H-hindi, ah! May mga kasama kaya siya doon na mabalasik ang mga mukha. At ano’ng maamoy? Hindi naman. Mabango siya.” At naalala nga niyang mabango ito dahil sa bago itong paligo at nag-perfume ito. Naamoy niya ito kanina sa kuwarto bago siya lumabas. Nakatayo kasi ito malapit sa pinto pagkatapos nitong isuot ang thobe. At sa tingin niya ay hygienic naman ang lalaking iyon.

“Hay, naku! Ang suwerte mo talaga, Li-Li! Anumang oras, may chance kang makikita siyang nakahubad!” kinikilig na sabi ni Mila. Napasigaw pa ito nang paimpit.

“Shh!” saway niya lalo na’t bumungisngis din si Ana. “Baka may makarinig sa inyo.”

“Bakit, hindi ka ba na-attract sa sheikh na ’yon? Ang guwapo kaya!” hirit pa ni Mila na pinatirik ang mga mata. “Mga mata pa lang niya ay nakakalaglag-

panty na!”

“Tumigil nga kayo. Guest lang natin siya, ’no! Aalis din siya. Kaya tigilan n’yo na ako!”

“Hmm... baka may hidden desire ka diyan pero hindi mo lang sinasabi o di kaya’y ayaw aminin,” susog ni Ana.

“Iyong tinagu-tago mo nang pilit, sasabog din ’yan. Parang utot lang. Mabaho pa naman ’yan kapag ganoon,” dagdag ni Mila.

Nagkatawanan pa ang dalawa at napasabay na lang siya.

Nasa tabi ng indoor swimming pool ng hotel si Nathalie habang binabantayan ang kambal na anak ni Mrs. Sanders na sina Jake at John. Pinakiusapan siya ng mayamang guest nilang fashion model dahil nasa spa ito kasama ang asawa.

Napangiti siya nang maghabulan sa kiddie pool ang kambal. Sumali rin ang mga ito sa iba pang batang naroroon at naglalaro sa tubig.

Mag-e-extend pa siya ng isang oras para lang dito. Pero okay na rin. Parati naman siyang binibigyan ng malaking tip ni Mrs. Sanders at kasama rin ito

sa overtime niya sa hotel para pagbigyan ang isang importanteng guest.

Nakaupo ngayon ang dalaga sa isang plastic chair habang hindi inihihiwalay ang mga mata sa magkapatid. Identical twins ang mga ito. Pero kahit paano ay kilala niya kung sino sa mga ito si Jake o si John. Mas makulit si John kaysa kay Jake, napuna niya.

“Aren’t you supposed to be off from work by now?” Bigla siyang nakarinig ng medyo pamilyar na boses mula sa likuran niya.

Paglingon ni Nathalie ay ang guest pala sa suite 6043 iyon. Humakbang ito sa gilid niya. Agad niyang napunang nakasuot lang ito ng swimming trunks ngayon. Kitang-kita niya ang nakatutulo-laway at nakakabagsak-pangang katawan nito.

His shoulders were wide; his biceps and chest bulged with muscles; his chest was matted with dark hair that looked sexy on him; his abs were hypnotizing; his thighs were muscled; and his private area was pretty much distracting and could leave only a little to the imagination.

She swallowed hard.

Ano ba ’tong Muslim na ’to? Ipinangalandakan

ba naman talaga ang pagkagandang lalaki niya? Napahiya pa siya dahil sa napatingin ito sa kanya nang nakangiti. He seemed to know what she was thinking. Katulad ng dati ay nakanganga siyang nakatingin dito at huli na iyon para mapansin niya.

Napuna rin niyang pinagtitinginan ito ng kababaihang nasa adult pool sa dulo. Mukhang pareho sila ng iniisip at pinamulahan pa siya ng mga pisngi dahil dito.

Tumikhim si Nathalie, pilit hinanap ng mga mata ang kambal na binabantayan bago sumagot dito.

“Uh... I’m watching a couple’s kids—Wait...” Saka napaangat siya ng tingin sa kausap nang may napagtanto. Nakakunot-noo pa siya rito. “H-how do you know it was my time off from work?”

Napangiti pa ito nang nakakaloko sa kanya. It sent her heart racing.

“You know that your question is not that difficult to answer.”

Napamaang si Nathalie at itinikom ang bibig. Tama. Puwede nitong itanong iyon sa supervisor nila at sinuman na gusto nito sa kasamahan niya.

Pero bakit? napaisip pa siya.

The Sheikh and I - Darlene Bollon

Napangiti sa kanya ang lalaki. “I hope you can have an emergency day-off tomorrow. I want your company. So, I think I’ll arrange it with your supervisor.”